**Panuto:** Piliin ang panghalip sa bawat pangungusap at tukuyin kung anong uri ng panghalip ito.

- **Panghalip Pamatlig**
- **Panghalip Panao**
- **Panghalip Pananong**

**Mga Pangungusap:**

1. Siya ang nagdala ng regalo sa kaarawan ni Zy.
2. Ano ang hinahanap mo?
3. Ito ang pinakamagandang tanawin na nakita ko.
4. Ikaw ba ang magpapadala ng sulat?
5. Iyon ang tamang sagot sa tanong ni Guro.
6. Sino ang tumulong sa batang naligaw?
7. Tayo ay magtutulungan sa paggawa ng proyekto.
8. Nasaan ang mga laruan na dinala mo?
9. Ang aklat na ito ay pag-aari ni Zion.
10. Kanino mo ibibigay ang liham na ito?
11. Sila ang unang dumating sa pagdiriwang.
12. Bakit kailangan mong umalis nang maaga?
13. Dito naganap ang makasaysayang labanan.
14. Kami ang nanalo sa paligsahan ng sayaw.
15. Ano ang nararamdaman mo sa sitwasyong ito?
16. Ang mga ito ay ibinigay sa amin ng punong-guro.
17. Kayo ba ang mga bagong mag-aaral sa klase?
18. Ano ang dapat nating gawin para makatulong?
19. Siya ang tagapagsalita sa seminar ngayong araw.
20. Alin sa mga larawan ang pinakagusto mo?
21. Ang mga iyon ang naiwang gamit sa kwarto.
22. Sino ang may-ari ng pulang sasakyan?
23. Tayo ay dapat magkaisa para sa bayan.
24. Itong sapatos ay regalo mula sa iyong ama.
25. Bakit hindi mo sinabi agad ang balita?

LIVEWORKSHEETS